THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION www.talibaFlipzMedia.com

TALIBA

#571 JULY 17-31, 2026 ISSUE FlipzMedia PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO

# Paglaban sa korapsyon walang hindi masakit na paraan - PBBM

**MANILA, Philippines** — Tiniyak ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. na seryoso ang kanyang administrasyon sa paglaban sa korapsyon sa bansa.

Aminado naman ang Pangulo na walang madali o hindi masakit na paraan para tuluyang masugpo ang korapsyon.

Ginawa ni Marcos ang pahayag sa joint press conference sa Malacañang nang tanungin siya kung gaano kaseryoso ang kampanya laban sa korupsiyon sa Pilipinas.

Sagot ng Presidente, lubos silang seryoso dahil bawat institusyon, bawat negosyo at maging ang pamahalaan ay naaapektuhan ng mapanirang impluwensiya ng korupsiyon dahil binabago nito ang tamang paraan ng pagpapatakbo ng gobyerno.

Nililimitahan din nito aniya ang kakayahan ng pamahalaan hanggang sa punto na maraming serbisyong nais at kinakailangang maibigay sa mamamayan ay hindi na nito naihahatid.




Ganoon aniya kalaki at kaseryoso ang epekto ng korupsiyon.

Ayon sa Pangulo, kailangang tiyakin ng kanyang administrasyon na hindi na muling mangyayari ang ganitong mga mapang-abusong gawain.

***"..sinisiraan nila ako dahil di na nila makuha ang gusto nila sa akin. Walang palakasan sa administrasyon ko, kahit kakampi pa kita kung may kasalanan ka, mananagot ka di yan pamumulitika, hustisya yan!"***

**Bongbong Marcos**
President of the Philippines

**“ In this anti-corruption drive that I have started, there is no way to do it easily or painlessly. We have to turn everything on its head and to make very, very clear that these abusive practices that we have to suffer from before will no longer be allowed ” - PBBM**

# Canada, Pilipinas inangat ang ugnayan sa strategic partnership

**CANADA** - Sinabi ni Carney na napapanahon ang pagbisita sa Canada ng pangulo ng Pilipinas Ferdinand Marcos Jr. Naganap ang pagbisita sa napakahalaga na oras, isang pivotal na panahon para sa Canada, para sa Pilipinas at sa taumbayan. Ang mundo ay naging mas mapanganib. Ito ay mas nagkawatak-watak, wika niya sa kanyang pahayag sa pagharap sa press conference at para sagutin ang mga tanong ng midya.

Ang kalakal na dumadaloy sa pagitan ng Canada at Pilipinas ay nagkakahalaga ng $3.4 bilyon noong 2025. Ang Pilipinas ang pang-anim sa pinakamalaking merchandise export ng Canada sa merkado ng ASEAN.

Sa itinutulak na free trade agrement ay umaasa ang gobyerno ni Carney na magawang triplehin ang bilateral trade ng Canada at Pilipinas pagsapit ng 2035. Nais mapalalim ng dalawang bansa ang kooperasyon para sa kolaborasyon sa kalakalan para sa enerhiya, depensa at turismo, ayon kay Carney.



***Delegado ng Pilipinas sa pangunguna ni Pang. Ferdinand Marcos Jr. sa inihost na working luncheon ni Prime Minister Mark Carney sa Vancouver B.C.***

Ang Pilipinas ay pinalawak naman ang mga kaalyado na bansa hindi lang sa kalakalan kundi pati sa panseguridad lalo na sa banta sa bansa sa West Philippine Sea kung saan agresibo ang China sa pag-angkin at isinailalim sa kontrol ang malaking parte ng karagatan.

We discussed the positive trajectory of our bilateral relations and the ways forward to ensure a sustained and dynamic partnership. This was followed by an expanded bilateral meeting together with our delegations, sabi ni Pang. Marcos. Jr. sa isunulong na strategic partnerships sa Canada.


Nilagdaan ni Canadian Minster for Foreign Affairs Anita Anand at Secretary for Department of Migrant Workers Hans Leo Cacdac ang kasunduan para sa Labor at Migration para sa isinusulong na ethical na pang-rerekrut at proteksyon ng migrant workers, Vancouver Convention Center.

Pinirmahan din ang dalawang magkahiwalay na memorandum of understanding (MOUs) para sa kooperasyong kultural at turismo ng dalawang bansa.

Sinabi ni Philippine President Ferdinand Marcos Jr. na inasahan niya ang muling pagkikita nila ni Prime Minister Mark Carney sa Pilipinas para 2026 SEAN Summit sa darating na Nobyembre na idadaos sa Maynila. ***-RCI***


**APPLY TODAY - WORK TOMORROW!**

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS




**EXTRA PERSONNEL**
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
**2140 Kipling Avenue Unit 5**
**Toronto, ONT M9W 4K5.**

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
**Alvin Rota**
416-740-3959



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA
INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

# ALEX EALA, PINARANGALAN NI PANGULONG MARCOS JR. SA MALACAÑANG

**MANILA** - Pinarangalan ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. si Filipina tennis star Alex Eala sa pamamagitan ng Presidential Citation bilang pagkilala sa kanyang natatanging tagumpay sa international professional tennis at sa patuloy niyang pagbibigay ng karangalan sa Pilipinas.


Sa ginanap na pagtanggap sa Malacañang noong Hulyo 13, sinabi ng Pangulo na isa na siya sa mga tagahanga ni Eala at masaya siyang personal itong mabati. Nagbiro pa siya na ginawa umano ang espesyal na pagkilala upang magkaroon ng pagkakataong makapagpa-picture kasama ang tennis sensation.

Nagpasalamat naman si Eala sa Pangulo at sa Unang Pamilya sa mainit na pagtanggap. Inamin niyang hindi niya inakalang darating ang araw na kikilalanin siya sa Malacañang dahil sa kanyang mga nagawa sa larangan ng tennis.

Ayon kay Eala, ang naturang pagkilala ay nagsisilbing patunay na sulit ang lahat ng kanyang sakripisyo at pagsisikap sa isport. Ipinahayag din niya ang kanyang pagmamalaki bilang Pilipino at pinasalamatan ang kanyang pamilya at mga tagasuporta na naging inspirasyon sa kanyang paglalakbay.

Matapos ang matagumpay niyang kampanya sa Wimbledon, tiniyak ni Eala na ipagpapatuloy niya ang pagdadala ng bandila ng Pilipinas nang may dangal at magsisilbing inspirasyon sa kabataang Pilipino sa loob at labas ng tennis court.

*- Pinas News*




*Hero Welcome at Parangal natanggap ni Alex Eala kay PBBM*



# Pilipinas, 13 bansa pinagtibay 2016 arbitral award sa West Philippine Sea




*Pinangunahan nina Atin Ito Coalition co-convenor Edicio Dela Torre, Quezon City Mayor Joy Belmonte, at Nards Cuaresma ng Masinloc Fishermen As- sociation ang paglulunsad ng "West Philippine Sea Fisherfolk Monument" sa Quezon Memorial Circle nitong Linggo bilang paggunita sa arbitral ruling na kumikilala sa karapatan ng Pilipinas sa West Philippine Sea sa ilalim ng UNCLOS. Likha ng visual artist na si Gary Santiago Rojas, ang estatwa ay nagbibigay-pugay sa tapang ng mga mangingisdang Pilipino sa pagtatanggol ng sober- anya. Dumalo rin sina Chel Diokno, Dadah Ismula, dating presidential adviser Ronald Llamas, mga WPS advocates, at mga mangingisda.*

**PILIPINAS** — Muling pinagtibay ng Pilipinas kasama ang 13 pang bansa ang 2016 Philippines-China South China Sea Arbitral Tribunal Award na kumikilala sa karapatan ng Pilipinas sa West Philippine Sea, kasabay ng paggunita sa ika-10 anibersaryo ng naturang desisyon.

Sa magkasanib na pahayag ng Pilipinas, Australia, Canada, Estonia, Germany, Italy, Japan, Latvia, Lithuania, New Zealand, Romania, Slovenia, United Kingdom, at United States, binigyang-diin na ang mga sigalot sa dagat ay dapat maresolba sa mapayapang paraan at alinsunod sa United Nations Convention on the Law of the Sea (UNCLOS).

Tinukoy ng mga bansa ang arbitral award bilang isang "significant milestone" at "final, legally binding, and definitive" sa pagitan ng China at Pilipinas kaugnay ng maritime entitlements at claims na tinukoy ng tribunal.

Noong Hulyo 12, 2016, pinawalang-bisa ng Permanent Court of Arbitration sa The Hague ang malawak na pag-aangkin ng China sa South China Sea sa pamamagitan ng nine-dash line—na ngayo'y ten-dash line—at kinilala ang karapatan ng Pilipinas sa 200-nautical mile exclusive economic zone (EEZ) mula sa archipelagic baselines nito, alinsunod sa UNCLOS.

Muli ring iginiit ng mga bansa na walang legal na basehan ang China sa "expansive maritime claims in the South China Sea, including those based on 'historic rights.'"

Kasabay nito, nagpahayag sila ng pagtutol sa anumang "destabilizing or unilateral actions including by force or coercion that threaten peace and stability in the region."

Kamakailan, ilang Chinese scholars ang nagsabing ang Batanes ay "natural geographic extension" ng Taiwan at bahagi ng China. Pinabulaanan naman ito ng Department of Foreign Affairs at iba pang ahensiya ng pamahalaan, na iginiit na ang soberanya ng Pilipinas sa Batanes ay "seattled and not up for debate."

**- *Pilipino Star Ngayon***

***"Canada has a strong and active Filipino community of nearly 1 million people live in Canada. Making them the third-largest Asian Canadian group in the country and the lar- gest from Southeast Asia. The Filipino is Canada's fastest grow- ing language."***

# VR Stones & Quartz Inc.

***VR Stones & Quartz Inc. is a family-owned and operated business with almost 10 years of experience fabricating and installing Quartz, Granite, Marble, and other stone products.***

VR Stones & Quartz Inc. is a family-owned and operated business with almost 10 years of experience fabricating and installing Quartz, Granite, Marble, and other stone products. We carry our own Quartz materials which we import overseas with a simple goal of making everyone s dream a reality by having your beautiful kitchen countertop in a reasonable/affordable price but on a stunning and timeless look.

We also source from all major slab suppliers such as MSI Stone, Caesarstone, Hanstone, Silestone, TCE Stone, Kstone Quartz, Lucent Quartz, Highland Stone & Quartz, Vicostone and more. Whether you re eyeing for Quartz or Granite etc., we are able to get and fabricate it to your specifications.

At VR Stones & Quartz Inc., we personally involved in every project from the beginning stages of planning to final installation, ensuring the results you see at completion are exactly what you envisioned. We take a hands-on, individual approach to work with each of our clients, focus on the quality, superior service and client satisfaction.



*Cabinet & Countertop Store*

With our expertise, we have top notch ideas to help you design your dream kitchen by considering the room s size, lighting level, intended use, and desired colors. Our experts can let you know what materials, manufacturers, and designs will work best for your project. Since we know how frustrated planning a renovation in designing your kitchen or other areas of your house that requires a countertop, VR Stones & Quartz Inc. also offer all kinds of services available from demolition, plumbing, tiling, disposal etc. to ensure that you are 100% satisfied and stress free with the outcome of your project.

Our clients include both residential and commercial customers, as well as builders and designers. For all your countertop needs, please feel free to call us and experience what all our satisfied clients have experienced from us!



***VR STONES & QUARTZ INC., YOUR COUNTERTOP EXPERT!!!!***

**For More Information CALL: 647-877-6133**

# Grupo isiniwalat kung bakit itinaguyod ang scholarships para sa Pinoy Canadians



***Kinamayan ni Earl Tamayo, Vice-chair ng Kabangka Canada, ang isa sa ipinakilala na iskolar ng Filipino Canadian National Scholarships Program noong Pebrero***

Isang national scholarship program na tumatanggap ng aplikasyon ng mga estudyanteng Filipino Canadians mula sa iba't ibang parte ng Canada ang inisyatiba na itinayo ng dalawang nagtulungan na not-for-profit na organisasyon. At malalim ang dahilan kung bakit itinutulak nila na masimulan ang "mahalagang proyekto."

It's a value of a thousand dollar. It's our first year, ang sabi ni Rachelle Cruz, program director ng Golden Balangay Foundation (GBF), na matatanggap ng bawat estudyante na mapipili ng national scholarship.

Sinimulan ang Filipino-Canadian National Scholarship Program (bagong window) (FCNSP) na may limang kategorya para sa espisipiko na mga estudyante na tina-target suportahan. Matapos buksan ang pagtanggap ng aplikasyon online, umabot sa 135 ang nagsumite ng aplikasyon mula sa iba't ibang parte at probinsya ng Canada. We have a website, a portal, where students could create an account and provide their submissions based on basic eligibility, ani Cruz.



***Si Rachelle Cruz ang program director ng Golden Balangay Foundation. Isa siya sa mga nangunguna sa paghahanap ng suporta para sa Filipino Canadian National Scholarsips Program.***



Sinabi ni Earl Tamayo na malapit sa kanyang puso ang programa kung kaya tumutulong sa national scholarships program para sa mga interesado na estudyante saanmang sulok sila naroon sa Canada. Siya ay nag-aaral ng master's program sa isang unibersidad.

Kabilang sa unang batch ng napili na iskolar ngayong 2025 sina Kye Arienda-Jose para sa Emerging Leaders Scholarship, Joroni Galima para sa First Generation Scholarship, Ysabelle Tumaneng sa Community Leadership Scholarship, sina Michael Abog at Leny Rose Simbre para sa National Legacy Scholarships at Ruth Moon Lopez at Teresa Orbillo para naman sa Academic Excellence Scholarship.

Dumaan sa isang selection committee ang pagpili sa gagawaran ng scholarship na tatanggap ng cash assistance.

We have a separate select of judges, who we screen as well, who are independent from us. I would like to clarify that our steering committee did not choose the scholars. It was based on the rubric that we put together to make sure that there was equity, details, and that's how independent judges screen them, paglilinaw niya.

Ang Kabangka, isang not-for-profit na organisasyon na pinamamahala at nakasentro sa liderato ng kabataan, ang kasamang kumilos para maisakatuparan ang programa.

There is no bad idea between us. All ideas were considered. We also deliver which is why we have mutual respect with each other, sabi ni Earl Tamayo, vice-chair ng Kabangka, sa panayam ng Radio Canada International. We are lifting each other and making this happen, aniya.

Mababa na bilang ng estudyanteng Pinoy sa post-secondary

Nasa 11.2% ang bilang ng Filipino Canadians edad 15-anyos pataas ang nakapag-aral sa post-secondary school sa bansa, ayon sa 2021 census ng Canada. Mas mababa ito kung ikukumpara sa 14.2% sa kabuuan na populasyon ng visible minority na nag-aral sa post-secondary na eskwelahan ayon sa Statistics Canada noong 2022.

Ang naturang datos ay hina-highlight sa pagsasaliksik ng Filipinas of HamOnt, isang community group ng kababaihan sa Hamilton Ontario, sa komunidad ng mga Pilipino noong March 2024. Nakipag-partner ang grupo sa McMaster Research Shop para imbestigahan ang komunidad ng Pilipino sa Canada pagdating sa pag-aaral ng post-secondary at sa mga kalakip na isyu.

Sa datos ng 2021 census ay 4.4% ng mga Pilipino ang nakapag-aral sa unibersidad na siyang pinakamababa na porsyento sa lahat ng grupo ng visible minority sa bansa. Batay naman sa 2016 census, nasa 2% lang ng Filipino Canadians edad 25 hanggang 34 ang nagtapos ng bachelor's degree. Ang datos ay nakuha mula sa mga naunang pag-aaral magmula pa noong 2000 na kung saan nalaman na mas mababa rin ang graduation rate ng mga Pilipino sa unibersidad batay sa 2011 National Household Survey at sa Ethnic Diversity Survey noong 2002.

Inamin ng Golden Balangay Foundation na ang naturang datos sa mga pag-aaral ang isa sa mga dahilan kung kaya itinutulak ng partnerships ang programa para sa national scholarship.

The long-term vision is that more Filipino[s] will have access to post-secondary education and [to] support [them] financially. So that they are not deterred from entering, sabi ni Cruz. There is enough research that support that a lot of Filipino Canadians do not pursue post-secondary education because of financial reasons. They instead go [and] get a job," aniya. "This is a step forward and hopefully we launch more scholarships if there are specific donors who want to curate their own scholarships. That's great, we welcome that too.

Wala pang national scholarships program sa buong Canada, pribado o gobyerno, para baliktarin ang trend na ito sa komunidad ng Filipino Canadians maliban sa FCNSP.

## Paghahanap ng pondo

Nagtutulungan ang GBF at ang Kabangka sa programa kabilang ang paghahanap ng pondo at para pagkaisahin ang komunidad ng Filipino Canadians. Binuksan nila sa publiko ang mga paraan para sila matulungan sa pangangalap ng magagamit na pondo sa national scholarships.

We are connecting the gap. And even though we don't have a formal mentorship program, we kind of cross both. Bridging the youth with people who are established, people who are leaders in their field, connecting them in venues and events, ani Cruz.

Nakakalikom ng pondo ang FCNSP sa fundraising events at sa donation drive online (bagong window) at umaasa sa tulong ng mga indibidwal at organisayon na nais suportahan ang programa.

Ang pito sa nauna na mga iskolar na kinumpirma ngayong taon ay inaasahan na masusundan pa sa susunod na mga taon.


Financials is very important to make education accessible to individuals. But beyond this, they also gain this network with the donors, with the program organizers and so it's not just the financials. It's uplifting the Filipino visibility, professionalism in the field, basically making us visible everywhere here in Canada, sabi naman ni Tamayo.

## Ang FCNSP ay bukas din para sa permanent residents.


Ang mga pangalan ng naunang mga iskolar sa ilalim ng inisyatiba ng GBF at Kabangka Canada ay unang inanunsyo sa idinaos na Pinoys on Parliament 2025. **-RCI**

# *7 iskolar binigyan ng pinansyal na suporta ng national scholarships para sa Pinoy Canadians*

# Talento ni Tyra Cabrera... nagmana kay RollyCab














# Toronto may pinakamasamang kalidad ng hangin sa mundo ang naitala



***Ang yellow-level heat warning at poor air quality warning ng Environment Canada nakataas pa rin ngayong araw.***

Ang Toronto ang may pinakamasamang air quality sa buong mundo ngayong Miyerkules ng umaga, ayon sa monitoring website na IQAir. Ang Queen City ay kasalukuyang nasa unang puwesto bago ang Kinshasa (Democratic Republic of Congo) na nasa pangalawa at ang Delhi (India) na nasa pangatlo.

Ito marahil ay dahil sa isang toxic cocktail ng urban pollution at usok mula sa wildfire.

**Air Quality Alert ipinatupad**

Nag-isyu ang Environment Canada ng isang air quality alert.

> ***" Limit the time you spend outdoors. Consider reducing or reorganizing outdood sports, activities, or events."***
>
> *-Environment Canada*

Ang usok mula sa mga wildfire sa hilagang-kanlurang Ontario ang sanhi ng poor air quality sa buong timog Ontario. Nagbabala ang ahensya na ang air quality maaaring manatiling masama sa ilang lugar hanggang Huwebes.

"As of Wednesday morning, the Air Quality Health Index (AQHI) was rated at 10+, indicating a very high risk to public health."

Ipinaalala ng Environment Canada sa publiko na ang poor air quality ay maaaring magkaroon ng epekto sa kalusugan. Ang mga posibleng sintomas kasama ang pagkairita ng mga mata, ilong at lalamunan, gayundin ang pagsakit ng dibdib at matinding ubo.

Kapag nasa labas, ang pagsusuot ng N95 respirator ay inirerekomenda upang bawasan ang exposure sa fine particles na nasa usok.

Kapag nasa loob, iminumungkahi na panatilihing nakasara ang mga pintuan at bintana hangga't maaari at gumamit ng air purifier. Sa mga kaso ng matinding init at poor air quality, prayoridad ang pananatiling malamig ng katawan. ***-RCI***


PROPAGANDA ALERT
TagapagMulat
BATANES
IS PHILIPPINE TERRITORY.
NOT CHINA. NOT TAIWAN. NEVER.
Some Chinese academics claim Batanes belongs to China through Taiwan—a narrative with no basis in history, no support in international law, and no recognition from the international community.
REALITY CHECK:
Batanes has long been an integral part of the Philippines.
The Ivatan people are Filipino, with their own distinct culture and identity.
No treaty, historical record, or internationally recognized legal instrument grants China sovereignty over Batanes.
This is not a legitimate legal argument. It is lawfare—using manufactured legal narratives to advance geopolitical objectives.
China's expansive claims in the South China Sea were already rejected by the 2016 arbitral tribunal under UNCLOS.
Creating new territorial narratives over Batanes does not change that ruling; it only highlights the weakness of claims that lack legal and historical support.
You cannot redraw borders by rewriting history.
You cannot manufacture sovereignty through academic symposiums.
And repeating a claim does not make it true.
BATANES IS PHILIPPINE TERRITORY.
IT ALWAYS HAS BEEN. IT REMAINS SO UNDER INTERNATIONAL LAW.

# May 'prima facie evidence'



***Humarap sa senator-judges si NBI–Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao Regional Director Atty. Jeremy Lotoc (inset) bilang second witness ng House prosecution sa ika-apat na araw ng impeachment trial ni Vice Pres. Sara Duterte, kahapon. Sumentro ang testimonya ni Lotoc sa Article IV ng impeachment complaint na tumalakay sa umano'y grave threats ng Bise Presidente sa Pangulo.***

**MANILA** — Itinuring ng National Bureau of Investigation (NBI) na "seryoso at totoo" ang umano'y "assassination threat" ni Vice Pres. Sara Duterte laban kay Pangulong Ferdinand Marcos Jr.

***"To me, as chief investigator at the time, the utterances made by the Vice President [were] serious, and the threat was real and actual,"*** ani Atty. Jeremy Lotoc, Regional Director ng National Bureau of Investigation–Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (NBI-BARMM) na tumestigo sa ika-apat na araw ng impeachment trial laban kay Duterte.

Si Lotoc ay kabilang sa mga saksi ng prosekusyon sa ika-apat na artikulo ng impeachment kaugnay ng "**grave threats**" laban sa Pangulo.

Sa isang online media briefing noong Nobyembre 23, 2024, sinabi umano ni Duterte na nakahanap na siya ng taong papatay kay Marcos, First Lady Liza Araneta-Marcos, at dating House Speaker Martin Romualdez sakaling siya ay mapatay.

Noong panahong iyon, pinamumunuan ni Lotoc ang cybercrime division ng NBI. Aniya, bago nila itinuring na credible ang mga pahayag ni Duterte, sinuri nila ang "nilalaman at konteksto" ng mga sinabi nito, pati na ang reaksyon ng mga taong tinutukoy sa banta.

Dagdag pa ni Lotoc, isinama rin ng NBI sa kanilang pagsusuri ang naunang pahayag ni Duterte noong Oktubre 18, 2024, kung saan sinabi nitong gusto niyang pugutan ng ulo si Marcos.

Sa pag-aanalisa, tinimbang ng NBI ang paraan ng pagkakasabi, literal na kahulugan ng mga salita, klase ng utos, at relasyon ng mga sangkot.

***"The vice president was furious and fuming mad when she uttered those [remarks],"*** sabi ni Lotoc, na idinagdag pang "absolute" ang banta.

Binigyang-diin pa niya na bilang "ikalawang pinakamataas na opisyal ng bansa," may kakayahan si Duterte na isakatuparan ang mga banta.

***"The NBI, in its analysis, established the intent, motive, and capability of the vice president to carry out the threats she mentioned,"*** sabi ni Lotoc.

Iprinisinta rin ng House prosecution panel ang testimonya na nagsasabing natuklasan ng NBI ang prima facie evidence na may tinatawag na "reasonable certainty of conviction" laban kay VP Sara kaugnay ng kanyang mga banta.

Tinanong ni Presiding Officer Sen. Francis Escudero kung may sapat na batayan para magsampa ng reklamo. Sagot ni Lotoc: "Yes". ***"We believe that the Vice President committed a crime of grave threats and inciting to sedition"*** dagdag ng NBI official.

Mariin namang itinanggi ng depensa, sa pangunguna ni Atty. Mark Vinluan, na nag-utos si Duterte ng pagpatay sa Pangulo. Aniya, maghahain sila ng ebidensiya para patunayang walang basehan ang akusasyon.

Serving our community since 2000

# Our Advertisers Refer Us To Their Friends, FIND OUT WHY.



*"Canada has a strong and active Filipino community of nearly 1 million people live in Canada. Making them the third-largest Asian Canadian group in the country and the largest from South-east Asia. The Filipino is Canada's fastest growing language."*

CALL US FOR A PACKAGE RATE TO HELP YOU GROW WITH OUR FULL TO YOUR BUSINESS

**ADVERTISE TO TALIBA...IT WORKS!** Taliba Newspaper & Flipz Media **647-287-1870**



TalibaFlipzMedia

## Photography Services

*Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.*

**We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.**

**Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.**

- 100+ photos $20 per photo *(with free Taliba 1/4 B&W Ads one time issue)*
- 50-90 photos $25 per photo
- 20-49 photos $30 per photo
- 10-19 photos $35 per photo
- 5-9 photos $40 per photo
- 2-4 photos $45 per photo



**Photo Specifications**

- High resolution jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license

For inquiry, call Tel. 416-989-7336 / 647-287-1870 ★ Email: advertise@flipzmedia.com

P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

# TALIBA/Flipz Media

***(Magazine & Social Media Services)***

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

***"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."***

**ABOUT:** While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

**SERVICES:** Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

*VISIT* ***www.talibaflipzmedia.com*** *or CALL ROLLY :* ***647-287-1870***